Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

19 Marso 2023 | Ika-4 na Linggo ng Kuwaresma | Taon A

LINGGO NG KAGALAKAN (Laetare Sunday)

PASALAMATAN ANG DIYOS PARA SA ILAW NG PANANAMPALATAYA

Ginaganyak tayo ngayong magalak pagkat nangangalahati na tayo sa panahon ng Kuwaresma. Higit dito, dapat nating ikagalak ang kaloob sa ating PANANAMPALATAYA, dahil dito'y "nakikita" natin ang dakilang katunayan ng Kaharian ng Diyos at nagagampanan natin ang ating mga papel dito. Nang dahil sa pananampalataya, nagkakaroon ng kahulugan at halaga ang lahat nating mithiin at gawa, pati na rin ang ating mga paghihirap at kabiguan.

At sa lahat ng ito'y salamat kay HESUS, NA ILAW NG ATING BUHAY, na ngayon, sa pamamagitan ni San Pablo, ay nag-aanyaya sa ating mamuhay bilang mga ANAK NG LIWANAG sa daigdig na pinagdilim ng lahat ng uri at anyo ng pagkakasala. Tibayan nawa ng Eukaristiyang ito ang ating pananampalataya at pag-ibayuhin ang ating pasasalamat sa Panginoon, gaya ng bulag na kanyang pinagaling.



PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lunsod ng kapayapaan, magalak tayo't magdiwang. Noo'y mga nalulumbay, ngayo'y may kasaganaan sa tuwa at kasiyahan.

Pagbati

P – Pagpalain nawa ang Panginoong Hesus, ang ilaw ng sanlibutan. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!
***B* – At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P – Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga Banal na Misteryo, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin sa Panginoon pawiin sa ating mga puso ang lahat ng pumipigil sa ating mamuhay sa tanglaw ng Kanyang biyaya. *(Manahimik saglit.)*

P – Para sa mga pagkakataong pinili naming mabuhay sa dilim ng pagkakasala sa halip ng sa liwanag ng pagiging kaibigan mo, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

P – Para sa mga pagkakataong nagpabulag kami sa aming kapusukan at kami'y nalayo sa liwanag ng iyong kinaroroonan, Kristo, kaawaan mo kami!
***B* – Kristo, kaawaan mo kami!**

P – Para sa mga pagkakataong pinili namin ang panandaliang ningning ng mga makamundong kasiyahan sa halip ng liwanag ng buhay na walang hanggan, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B* – Amen!**

Panalanging Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, ikaw ay nakikipagkasundo sa sangkatauhan sa pamamagitan ng iyong Salita. Sa masigasig na pagsamba at matibay na pagsampalataya ang sambayanang Kristiyano ay makadulog nawang masaya sa pagdiriwang ng dakilang kapistahan ng Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

This issue of ***Patnubay sa Misa*** may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***1 Sam 16:1.6-7.10-13***

Ang paghirang sa batang si David bilang bagong hari ng Israel ay isang mahalagang hakbang sa ikatutupad ng plano ng Diyos na tayo'y iligtas. Paalaala rin ito sa ating ang Diyos ay di tumitingin sa kaanyuan kundi sa ating kalooban.

L – Pagpapahayag mula sa Unang Aklat ni Samuel

Noong mga araw na iyon: Sinabi ng Panginoon kay Samuel: "Magdala ka ng langis at pumunta ka kay Jesse na taga-Betlehem sapagkat pinili ko nang maging hari ang isa sa kanyang mga anak."

Nang magkaharap-harap na sila, nakita ni Samuel si Eliab, pinagmasdan niya itong mabuti at sinabi sa sarili, "Ito siguro ang hinirang ng Panginoon para maging hari."

Ngunit sinabi sa kanya ng Panginoon, "Huwag mong tingnan ang kanyang taas at kakisigan. Hindi siya ang hinirang ko. Ang batayan ko ay di tulad ng batayan ng tao. Panlabas na anyo ang tinitingnan ng tao ngunit puso ang tinitingnan ko."

Isa-isang tinawag ni Jesse ang pito niyang anak ngunit walang pinili sa kanila ang Panginoon. Kaya't tinanong ni Samuel si Jesse, "Wala ka na bang anak kundi iyan?"

"Mayroon pang isa; 'yong pinakabata, at pastol ng aking mga tupa," sagot ni Jesse.

Sinabi ni Samuel, "Ipasundo mo. Hindi natin sisimulan ang paghahandog hangga't hindi siya dumarating." At sinundo nga ang anak na ito ni Jesse. Siya'y makisig na binatilyo, malusog at nangungusap ang mga mata.

At sinabi ng Panginoon kay Samuel, "Siya ang hinirang ko; pahiran mo siya ng langis." Kinuha ni Samuel ang sisidlan ng langis at pinahiran si David sa harapan ng kanyang mga kapatid. At mula noon, sumakanya ang Espiritu ng Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!
B – **Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 23***

B –Pastol ko'y Panginoong Diyos, hindi ako magdarahop!

R. M. Velez



*** Panginoo'y aking Pastol, hindi ako magkukulang. Ako'y pinahihimlay sa mainam na pastulan, at inaakay niya ako sa tahimik na batisan, binibigyan niya ako niyong bagong kalakasan.** ***B.***

*** At sang-ayon sa pangako na kanyang binitiwan sa matuwid na landasi'y doon ako inaakay. Kahit na ang daang iyo'y tumatahak sa karimlan, hindi ako matatakot pagkat ika'y kaagapay; ang tungkod mo at pamalo ang gabay ko at sanggalang.** ***B.***

*** Sa harapan ng lingkod mo, ikaw ay may handang dulang, ito'y iyong ginagawang nakikita ng kaaway; nalulugod ka sa akin na ulo ko ay langisan at pati na ang kalis ko ay iyong pinaaapaw.** ***B.***

*** Tunay na ang pag-ibig mo at ang iyong kabutihan, sasaaki't tataglayin habang ako'y nabubuhay; doon ako sa templo mo lalagi at mananahan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Ef 5:8-14***

Ngayo'y ipinaaalaala sa atin ni San Pablo na sa Bautismo tayo naging "liwanag sa Panginoon." Kaya nga, inaasahan tayong mamuhay bilang mga "anak ng liwanag" sa daigdig na pinagdilim ng mga di tunay at maling pagpapahalaga.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid: Dati, nasa kadiliman kayo, ngunit ngayo'y nasa liwanag sapagkat kayo'y sa Panginoon. Mamuhay kayo gaya ng nararapat sa mga taong naliwanagan sapagkat ang ibinubunga ng pamumuhay sa liwanag ay pawang mabuti, matuwid at totoo. Pag-aralan ninyo kung ano ang kalugud-lugod sa Panginoon. Huwag kayong makikisama sa mga taong gumagawa ng mga bagay na walang ibubungang kabutihan – mga bagay na dulot ng kadiliman. Sa halip ay ilantad ninyo sila at ang kanilang mga gawa. Sapagkat kahiya-hiyang banggitin man lamang ang mga bagay na ginagawa nila nang lihim. Ang lahat ng nalalantad ay naliliwanagan, at ang naliwanagan ay nagiging liwanag. Kaya't sinasabi, "Gumising ka, ikaw na natutulog, magbangon ka mula sa mga patay, at liliwanagan ka ni Kristo."

Ang Salita ng Diyos!
B – **Salamat sa Diyos!**

Awit-pambungad ***Jn 8:12***

B –Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!
Ang sabi ng Poong mahal, "Sa daigdig ako'y ilaw. Kapag ako ay sinundan, ang dilim ay mapaparam at sa aki'y mabubuhay."
Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!

Mabuting Balita ***Jn 9:1.6-9.13-17.34-38***

Sa pagbibigay ng paningin sa isang bulag, ipinakilala ni Hesus ang isang mahalagang aspeto sa kanyang misyon: ang kanyang pagiging "Ilaw ng Sanlibutan." Salamat sa kanya, at tulad ng ipinanganak na bulag, tayo man ay pinagkalooban ng pananampalatayang "nagpakita" sa atin sa mga kadakilaan ng pagmamahal ng Diyos sa ating mga sarili at sa paligid natin.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon: Sa paglalakad ni Hesus ay may nakita siyang isang lalaking ipinanganak na bulag. At si Hesus ay lumura sa lupa at gumawa ng putik. Ipinahid niya ito sa mata ng bulag. Sinabi sa kanya ni Hesus, "Pumunta ka sa deposito ng tubig sa Siloe." (Ang kahulugan nito'y Sinugo.) "Maghilamos ka roon." Gayon nga ang ginawa ng bulag at nang magbalik ay nakakikita na.

Sinabi ng mga kapitbahay niya at ng mga nakakita sa kanya noong siya'y namamalimos pa, "Hindi ba iyan ang lalaking dating nagpapalimos?" Sumagot ang ilan, "Iyan nga!" "Hindi! Kamukha lang," wika naman ng iba. At sumagot ang lalaki, "Ako nga po iyon."

Dinala nila sa mga Pariseo ang dating bulag. Araw ng Pamamahinga nang gumawa si Hesus ng putik at padilatin ang bulag. Tinanong din siya ng mga Pariseo kung paano siya nakakita. Sinabi niya sa kanila, "Pi-

nahiran niya ng putik ang aking mga mata, naghilamos ako pagkatapos, at ngayo'y nakakikita na ako." Ang sabi ng ilan sa mga Pariseo, "Hindi mula sa Diyos ang taong iyan, sapagkat hindi niya ipinangingilin ang Araw ng Pamamahinga." Ngunit sinabi naman ng iba, "Paanong makagagawa ng ganitong kababalaghan ang isang makasalanan?" At hindi sila magkaisa ng palagay. Kaya't tinanong nila uli ang dating bulag, "Ikaw naman, yamang pinadilat ni Hesus ang iyong mga mata, ano naman ang masasabi mo tungkol sa kanya?" "Siya'y isang propeta!" sagot niya. Sumagot sila, "Ipinanganak kang makasalanan at ikaw pa ang magtuturo sa amin?" At siya'y itiniwalag nila.

Nabalitaan ni Hesus na ang lalaking pinagaling niya ay itiniwalag ng mga Pariseo. Kaya't tinanong niya ang lalaki nang matagpuan niya ito, "Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Tao?" Sumagot ang lalaki, "Sino po ba siya, Ginoo? Sabihin ninyo sa akin, upang ako'y manampalataya sa kanya." "Siya'y nakita mo na. Siya ang nakikipag-usap sa iyo," ani Hesus. "Sumasampalataya po ako, Panginoon!" sabi ng lalaki. At sinamba niya si Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P **–** Ipinaaalaala sa atin ng Salita ng Diyos ang napakahalagang papel ni Hesus sa ating buhay at ang tungkulin nating mamuhay bilang "mga anak ng liwanag." Nakababatid sa ating kahinaan, humingi tayo ng tulong ng biyaya ng Diyos para sa ating sarili at lahat ng mahal natin. Maging tugon natin ay:

P **– Panginoon, liwanagan mo sa amin ang ilaw ng pananampalataya!**

* Para sa Simbahang panlahat, ang mag-anak ng Diyos sa lupa: Nawa tapat niyang gampanan ang kanyang misyon bilang "ilaw ng lahat ng bansa" sa kanyang katapatan sa mga turo ni Kristo. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at mga kura paroko: Ang kanilang mabuting halimbawa nawa'y laging maging inspirasyon at pampasigla sa lipunang sadlak sa maraming uri ng katiwalian. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng magulang at mga guro: Sila nawa'y maging mabuting halimbawa sa kanilang mga anak at mga estudyante at makapagpatatag sa kanila laban sa lahat ng sama sa ating lipunan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating kabataan at lahat ng nangangarap ng higit na magandang daigdig: Nawa maunawaan nilang magkakatotoo lamang ang kanilang pangarap kung sila'y mananatiling tapat sa Ebanghelyo ni Kristo. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating lahat at mga ipinananalangin: Tanggihan nawa natin ang "mga gawa ng kadiliman" at mamuhay tayo tuwina sa ningning ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating idalangin ang ating mga kahilingang pansarili. *(Tumigil sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P **–** Panginoong Hesus, ikaw ang ilaw ng aming buhay! Liwanagan mo ang aming isipan upang makita namin ang ningning ng iyong katotohanan. Linisin mo ang aming mga puso upang mahalin namin ito, at tibayan mo ang aming mga kalooban upang ito'y matatag naming panindigan. Ikaw na nabubuhay at nagniningning magpakailanman.

B **– Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .

B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, para sa paghahaing nagbibigay-kagalingan kami ngayon ay masayang nagsisipag-alay kalakip ang dalanging amin nawang maidangal ang pagdiriwang na ito ng banal na pakikinabang at maidulot nawa ito para sa kaligtasan ng tanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

Prepasyo

P – Sumainyo ang Panginoon!

B **– At sumaiyo rin!**

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B **– Itinaas na namin sa Panginoon!**

P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B **– Marapat na siya ay pasalamatan!**

P – Amang makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Minabuti niyang maging di naiiba sa amin upang ang sangkatauhang namuhay sa dilim ay kanyang maakay sa pananalig na hahantong sa liwanag ng iyong pag-ibig. Kaming ipinanganak noong una bilang alipin ng dating pagkakasala ay kanyang hinugasan sa tubig ng muling pagsilang upang maitampok bilang mga kapatid niya sa iyong angkan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*– Santo, santo, santo . . .**

Pagbubunyi

***B* –Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan
Paghahati-hati sa Tinapay

***B*–Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Gawa ni Hesus na putik, sa mata ko'y ipinahid. Hinugasan ko ng tubig, kabulagan ko'y naalis; sa D'yos ako ay nanalig.

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, tinatanglawan mo ang lahat ng tao na isinisilang sa daigdig na ito. Sa kaloob mong liwanag tanglawan mo ang aming kalooban upang ang dapat naming isaloob na iyong ikinalulugod ay lagi naming isaisip at ikaw ay aming wagas na maibig sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B* –Salamat sa Diyos!**

Ang Trahedya ng Pagkabulag na Espirituwal at ang Biyayang Pananampalataya

Napakasama ng pisikal na pagkabulag pagkat dahil dito'y napipilitan ang taong mamuhay sa habang panahong kadiliman, panghihinang pisikal at emosyunal at tuwinang nahaharap sa panganib. Masahol pa rito'y ang *pagkabulag na espirituwal* at moral. Ang mga bulag na espirituwal ay ang *mga di sumasampalataya sa Diyos at iba pang katunayang banal. Ang mga moral na bulag naman ay ang mga di makakilala ng masama sa mabuti, o ng mali sa tama.*

Maaaring may iba't ibang katuwiran kung bakit may ilang hindi naniniwala sa Diyos. Marami sa mga ito ay naimpluwensiyahang maniwalang ang sanlibutan ay walang Dakilang Lumikha. Naniniwala ang mga itong bagamat marami pa rin ang mga di pa naipaliliwanag, *maipaliliwanag din ng agham ang mga ito* balang araw. May iba namang hindi naniniwala sa isang Diyos na makapangyarihan at mapagmahal pagkat itinuturing nilang ang ganitong mga katangian ay imposible sa harap ng napakaraming paghihirap na dinaranas ng mga inosenteng tao.

Karamihan sa mga bulag na moral ay umabot sa gayong kalagayan dahil sa kakulangan ng edukasyong moral, o dahil sinira ng kanilang kabit-kabit na mga kasalanan ang katutubong pagkakilala sa tahasang tama at tahasang mali. Lubhang mapanganib para sa tao ang sila'y mapagkaitan ng kakayahang kumilala ng mga tukuyang pagpapahalagang moral pagkat madali sa kanilang mahikayat na umayon sa mga karumal-dumal na krimeng tulad ng aborsiyon, *"euthanasia"* o pagpatay dahil sa awa, *"cloning,"* at iba pa.

May gamot ba sa gayong mga uri ng pagkabulag? Oo naman pagkat ***walang imposible para sa Diyos.*** Makapangyarihang tunay ang biyaya ng Diyos. ***Ang mga di-mabilang na pagbabalik-loob ng mga dating kalaban ng Diyos at mga kriminal ay patotoong may lunas sa espirituwal at moral na pagkabulag, salamat sa Diyos.***

Subalit ***para maging mabisa at mabunga ang biyaya ng Diyos, kailangang-kailangan ang pakikipagtulungan ng tao.*** Anupa't ibig sabihin ay kailangan din ang sapat na ***kababaang-loob, katapatan, at kapasiyahang magbagong buhay.*** Ang mga tunay na mababang-loob lamang ang maniniwalang hindi tao ang pinakamahalaga sa daigdig. Ang kahalagahan natin ay alinsunod tuwina sa higit na nakapangyayari't masaklaw na Pagpapahalagang tinatawag nating "Diyos."

Ang ganitong mga taong tapat at may mababang-loob ay pagkakalooban ng yama't biyayang ***PANANAMPALATAYA – isang biyayang nagkakaloob sa mga taong makakita ng lampas sa kaya ng kanilang karaniwang paningin at makaalam sa mga bagay na higit sa abot ng simpleng pananaliksik at pag-unawa.*** Ang mga sumasampalataya ay nakapagninilay at nakaaasa sa mga katunayang di-hamak na maganda at kasiya-siya kaysa sukat nating akalain.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5241; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Fr. B. Nolasco, V. David, R. Molomog, M. Vibiesca, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua